# JOY FULL

## Kagalakan sa Lahat ng Kalagayan

**WEEK 4**

## WARM-UP

- Ano ang pinakapayapang larawan na nakita mo? Ikuwento kung ano ang nakita mo sa larawang ito at kung bakit ito nakapagbigay sa iyo ng labis na kapayapaan.
- Kailan ka huling nagsaya dahil sa isang bagay? Ano ang nangyari at ano ang ginawa mo upang ipahayag ang iyong kagalakan?
- Sino ang maituturing mo na huwaran pagdating sa kalakasan? Bakit?

## WORD

*Magalak kayong lagi sa Panginoon! Inuulit ko, magalak kayo!* **MGA TAGA-FILIPOS 4:4**

Sa kabila ng mga hinaharap niyang sitwasyon, ang sulat ni Pablo sa mga taga-Filipos ay nag-uumapaw sa kagalakan. Makikita natin na ang kagalakan niya ay hindi naka-ayon sa kanyang panlabas na sitwasyon o personal na abilidad na manatiling positibo. Sa halip, si Pablo ay nagalak dahil sa alam niya na ang lahat ay nasa pamamahala ng Diyos. Ang magalak sa Panginoon ay nangangahulugan nang higit pa sa pagkakaroon ng kagalakan sa Kanya. Ibig sabihin nito ay pagkakaroon ng kagalakan ulit, nang paulit-ulit. Sa araling ito, titingnan natin kung bakit makakayanan nating magalak sa lahat ng pagkakataon, ayon kay apostol Pablo.

## APPLICATION

- Maghanap ng dalawa o tatlong mga pahayag sa Bibliya tungkol sa kapayapaan ng Diyos. Isulat sila at kabisaduhin ngayong linggo. Ihayag sila nang may pananampalataya sa tuwing ikaw ay nababahala.
- Masasabi mo ba na ikaw ay kontento kay Cristo, sa kabila ng kasalukuyan mong kalagayan? Ano ang maaari mong gawin upang patuloy na maging kontento araw-araw?
- Sino ang maaari mong hikayatin na magkaroon ng kagalakan sa lahat ng kalagayan ngayong linggo? Ano ang handa kang gawin upang matulungan siya na laging magalak sa Panginoon?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa Kanyang kapayapaan na ayon sa kung sino Siya at hindi ayon sa ating kalagayan. Pasalamatan Siya sa pag-iingat sa puso at isipan mo at sa pagbigay sa iyo ng kagalakan habang hinahangad mo na mas makilala pa Siya.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan na maging kontento sa lahat ng sitwasyon. Ipanalangin na ang iyong kagalakan ay laging naka-ayon sa kung sino Siya at hindi sa kung ano ang mayroon ka.
- Ipanalangin ang mga kakilala mo na dumaraan sa isang mahirap na sitwasyon ngayong linggo. Ipanalangin na hindi lamang nila magagawang magalak sa gitna ng sitwasyong ito kundi mas lalo pa silang mapapalapit sa Diyos.

VICTORY
Honor God. Make Disciples.

© 2021 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph

## 1 Kay Cristo, mayroon tayong kapayapaan sa gitna ng pagkabahala.

*Kapag ginawa n'yo ito, bibigyan kayo ng Diyos ng kapayapaan na siyang mag-iingat sa puso ninyo at pag-iisip dahil kayo'y nakay Cristo Jesus. At ang kapayapaang ito ay hindi kayang unawain ng tao.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:7**

Bilang mga mananampalataya, maaari nating maranasan ang kapayapaan ng Diyos. Dahil sa sakripisyo ni Jesus, naibalik tayo sa tamang ugnayan sa Diyos at nailagay sa posisyon kung saan maaari nating matanggap ang Kanyang pabor. Madaling makaramdam ng kapayapaan kung ang lahat sa paligid natin ay kalmado ay tahimik. Subalit ang kapayapaan na mayroon tayo kay Cristo ay kapayapaang hindi kayang unawain ng tao. Tinitiyak sa atin ni Pablo na sa gitna ng mga pagsubok at kaguluhan, ang kapayapaan ng Diyos ay mag-iingat sa ating puso at pag-iisip. Magagawa nating magtiwala sa Diyos at magkaroon ng ganap na pananalig na Siya ay nasa ating kalagitnaan, at kumikilos upang maibigay sa atin kung ano ang makabubuti para sa atin. Dahil dito, magagawa nating magalak anuman ang sitwasyon. Paano mo naranasan ang kapayapaan ng Diyos kamakailan lamang? Paano iningatan ng Kayang kapayapaan ang iyong puso at isipan?

## 2 Kay Cristo, maaari tayong maging kontento sa kabila ng kakulangan.

*[11]Hindi ko sinasabi ito dahil nanghihingi ako ng tulong sa inyo. Sapagkat natutunan kong maging kontento anuman ang kalagayan ko. [12]Marunong akong mamuhay sa hirap o ginhawa. Natutunan ko na ang lahat ng ito, kaya maging anuman ang kalagayan ko, busog man o gutom, sagana o salat, kontento pa rin ako.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:11–12**

Naranasan ni Pablo kung paano mangailangan. Subalit ang lahat ng paghihirap na naranasan niya ay nagturo sa kanya kung paano maging kuntento. Ang pagiging kuntento ay hindi basta na lamang nangyari para kay Pablo. Ito ay natutunan niya habang pinahihintulutan ng Diyos na maranasan niya ang kasaganaan at kakulangan. Tulad nito, bilang mga mananampalataya, magagawa nating piliin na maging kuntento saan man tayo dalhin ng Diyos at ano man ang ibigay Niya sa buhay natin. Ang ating kagalakan ay hindi nanggagaling sa ating mga pag-aari o kung anuman ang narating natin sa buhay, kundi sa Diyos na nagbibigay sa atin ng lahat ng ating pangangailangan. Ano ang sinasabi sa Mateo 6:26 tungkol sa Diyos bilang tagapagbigay ng lahat ng ating pangangailangan? Paano ka natutulungan ng katotohanang ito na maging kuntento sa Kanya?

## 3 Kay Cristo, mayroon tayong kalakasan sa kabila ng kaguluhan.

*Kaya kong harapin ang kahit anong kalagayan sa pamamagitan ng tulong ni Cristo na nagpapatatag sa akin.* **MGA TAGA-FILIPOS 4:13**

Hindi pinangakuan ng Diyos si Pablo ng buhay na walang paghihirap. Sa katunayan, maraming pinagdaanang paghihirap si Pablo. Subalit nagawa niyang magalak sa kabila ng lahat ng mga ito dahil alam niya na ang Diyos ang pinagmumulan ng kanyang kalakasan. Dahil dito, buo ang kanyang loob na mapagtatagumpayan niya ang lahat ng ito. Tulad nito, magagawa nating magalak sa kabila ng ating mga paghihirap dahil alam natin na mararanasan natin ang kapangyarihan ng Diyos sa gitna ng mga ito. Ang ating kagalakan ay hindi nagmumula sa paniniwalang malulutas ng Diyos ang lahat ng ating problema, kundi sa katotohanan na mas makikilala natin Siya at mas mararanasan natin ang Kanyang katotohanan sa ating buhay habang dumaraan tayo sa mga pagsubok. Kailan mo huling naranasan ang kapangyarihan ng Diyos sa iyong buhay? Ano ang naramdaman mo dahil dito at paano nito naapektuhan ang paghahangad mo na mas mapalapit sa Kanya?